

Mga pamamaraan na nagbibigay ng tamang gabay sa pagbibigay ng tamang sustansya sa palay gaya ng paggamit ng LCC, MOET, RCM, at Soil Test Kit.



Leaf Color Chart (LCC)

Sinusukat nito ang nitrohenong kailangan ng palay batay sa tingkad ng kulay ng dahon nito.



Minus-one Element Technique (MOET)

Ito ay eksperimento gamit ang mga paso at ICT-based application. Tinutukoy nito ang kakulangan ng sustansiyang kailangan para sa minimithing dami ng ani.



Rice Crop Manager (RCM)

Isa itong ICT-based platform na nagbibigay ng tiyak na rekomendasyon sa tamang sustansiya at iba pang pamamahala ng palay base sa sagot sa mga katanungan sa pagpapalayan.



Soil Test Kit

Gamit sa pagsuri ng lupa at mabilis na paraan sa pagtukoy ng kalagayan ng lupa at pagtugon sa kakulangang susutansiyang kailangan ng lupa ayon sa pananim.



Regional Agriculture and Fisheries Information Section 2024

Lipa Agricultural Research and Experiment Station, Brgy. Marawoy, Lipa City, Batangas

I-follow na ang **DA-Calabarzon!**



<https://calabarzon.da.gov.ph/>



Balanced Fertilization Strategy

Abonong Swak: Swak sa Budget, Swak sa Palay

ANO ANG BALANCE FERTILIZATION STRATEGY (BFS)?

Ang BFS ay isang pamamaraan ng pag-aabono kung saan pinahahalagahan ang tamang paggamit ng organiko at inorganikong pataba na may angkop na sustansya upang matustusan ang nutrisyunal na pangangailangan ng pananim, at matiyak na mapanatiling malusog ang lupa para sa masaganang ani sa mahabang panahon.

Gumagamit ito ng konseptong 4Rs: (1) *Right Source*, (2) *Right Placement*, (3) *Right Amount*, at (4) *Right Rate* sa pag-aabono. Ito ay upang mapaganda ang kalidad ng lupa, maiwasan ang pagbaba ng *soil fertility* at matulungan ang mataas na pangangailangan sa pataba, maging presyo nito. (source:FPA)

MGA SIMPLENG PAALALA SA PAGGAMIT NG PATABA

Tamang uri ng sustansyang kinakailangan

Tandaan na ang *Nitrogen*, *Phosphorus*, at *Potassium* ang pangunahing kinakailangan ng palay.

Tamang Dami

Laging Isaisip na ang sobra o kulang ay nakakasama sa palay at sa lupa.

Tamang Panahon

Isaalang-alang ang tyempo ng paglalagay upang mapakinabangan ng palay ang sustansiyang ilalagay.

ABONONG SWAK: SWAK SA BUDGET, SWAK SA PALAY

MGA REKOMENDASYON:

1 Tamang paggamit ng organiko at inorganikong pataba na may angkop na sustansya.

Ang organikong pataba ay nakakatulong upang mapataas o mapanatili ang nilalamang organismo na makakatulong na mapanumbalik ang magandang kundisyon ng lupa sa palayan. Mapaparami nito ang mga micro-organisms na tumutulong sa pagbibigay ng sustansya sa lupa.



2 Mamili ng tamang kombinasyon ng organiko at inorganikong pataba.

REKOMENDADONG GAMIT NG ORGANIKO AT INORGANIKONG PATABA SA PAGPAPALAYAN				
PATABA	TIYEMPO NG PAGA-APLY	DAMI NG PATABA AT TARGET NA ANI		
		COMBO 1	COMBO 2	COMBO 3
Dayami	30 araw bago maglipat-tanim	3-4 Tons Dayami	5-6 Tons Dayami	7-8 Tons Dayami
Chicken Manure, Commercial Organic Fertilizer o Vermicompost	14 na araw bago maglipat-tanim	10 bags	10 bags	10 bags
Zinc Sulphate Fertilizer	7-10 na araw matapos ang pagpunta		½ kg	1-2 kg
Triple 14 Complete Fertilizer	10-24 araw matapos ang pagpupunla	2-4 kg	2-4 kg	2-4 kg
	EARLY GROWTH STAGE 0-14 na araw matapos ang pagbubungkal o 10-14 na araw matapos ang pagpupunla	1 bag	2 bags	4 bags
Urea	ACTIVE TILLERING STAGE 18-31 na araw matapos ang pagbubungkal o 24-40 na araw matapos ang pagbubungkal		1 bag	2 bags
	28-40 na araw matapos ang pagbubungkal	1 bag	2 bags	2 bags
Muriate of Potash Fertilizer	PANICLE INITIATION STAGE 38-62 na araw matapos ang pagpupunla	½ bag	½ bag	1 bag
Ani:		3-4 Tons	5-6 Tons	7-8 Tons